

PROLOGUE

“Love is a game that two can play and both win.”

~Eva Gabor~

Siguradong pagagalitan si Jemina ng Yaya Lolita niya, pero okay lang. Ang mahalaga ay ang makabalik siya sa set ng Ate Adrianna niya. It was a stupid idea to wander. Nasa ibang studio sila, sa *Studio 9*. Magkaibang network kasi ang may hawak sa kanilang magkapatid.

Susundo lang sana sila sa Ate Adrianna niya pero napaaga sila ng dating. May kalahating oras pa raw ang taping ng kapatid. Cast ang Ate Adrianna niya ng isang malaking pelikulang ilalabas sa susunod na taon kaya excited si Yaya Lolita na manood habang naghihintay.

Si Jemina naman ay katatapos lang ng taping sa soap opera niya. Naisipan niyang mamasyal muna sa malaki at malawak na compound ng *Studio 9*. At hayun na nga, naligaw na siya!

“Si Maan o!”

‘Maan’ as in Maria Anna ang pangalan ni Jemina sa sikat na soap niya. Halos kasing-edad lamang niya ang dalawang batang nakakilala sa kanya. Pitong taong gulang si Jemina.

“Hello!” Nginitian niya ang mga bata. Pero hindi pala niya mga fans ang nilapitan. Inismiran siya ng dalawa. Napansin ni Jemina na branded ang suot ng mga ito.

Mga spoiled brats! naisalob ni Jemina. Mga anak siguro ng kung sinong direktor o producer...

“Hindi naman pala siya mukhang smart sa personal,” sabi ng batang babae na tinaasan pa siya ng kilay. “Cute lang siya dahil mataba. And look at her clothes, so plain and cheap.”

To Jemina’s surprise, kinurot ng batang lalaki ang isa niyang pisngi. Napaaray siya! Likas siyang matapang. Uupakan sana niya ang lalaki. She kept her cool, recalling her Ate Adrianna’s reminder na dapat laging mahaba ang pasensya ng isang artista. Puwede raw masira sa publiko kung mainitin ang ulo. *And Jemina loves her fans...*

Umurong na si Jemina. Hinablot ng batang babae ang kuwintas niya sa dibdib. Napamaang siya at napatigil sa pag-atras, natatakot na maputol ang

gold chain ng kuwintas.

“Oh, a green pendant with a letter ‘O’. Mukhang antigo—”

“Please, bitawan mo ang pendant.” Iniiwasan ni Jemina na magalit pero halata na iyon sa boses niya. Mahalaga sa kanya ang necklace. Kuwintas iyon ng daddy niya na kamamatay lamang last year. Letter ‘O’ ang naka-carve sa jade dahil ‘Oscar’ ang pangalan nito.

Namatay sa isang car accident ang daddy niya. She loved him dearly. Kapag suot niya ang necklace, pakiramdam niya ay lagi pa rin niyang kasama ang Daddy Oscar niya.

The haughty girl sneered at her. “What if I don’t?”

Ikinuyom na ni Jemina ang mga kamao. Wala sa loob na nakagat niya ang labi. It was a habit of hers whenever she felt pressured. Nawalan ng saysay ang ibinilin ng Ate Adrianna niya. Susuntukin na sana niya ang batang babae nang kusa nitong bitawan ang pendant. Umatras na rin ang batang lalaki. Kapwa mga tila natakot na nakatingin ang dalawa sa gawing likuran niya. Napalingson na rin siya.

Inakala niyang si Yaya Lolita o isang studio guard ang rescuer niya. Hindi pala. Isang batang lalaki rin.

Nang una ay kinabahan din siya rito. Nakakatakot kasi ang mga mata nitong parang nagliliyab sa galit. Pero nang makita nitong nakatingin siya, lumambot ang ekspresyon nito at ngumiti. Sobrang pogi pala nito kapag hindi galit.

“Hi,” nahihiyang bati nito sa kanya. May kung anong bagay na itinago nito sa likuran nang makalapit sa kanya.

Mga apat na taon ang tanda ng batang lalaki sa kanya. May baby fats pa rin ito katulad niya, pero matangkad ito. Sa wari ni Jemina, anak ng isang artista ang bata. Mestisuhin ito, mahaba ang mga pilikmata at ang cute ng dimple sa isang side ng pisngi. Kulut-kulot ang buhok nito. Parang gusto niyang isuot sa mga kulot nito ang isa niyang daliri.

Nangingiti na siya sa ideya nang iabot ng bata ang itinatago sa kanya. Picture pala niya iyon.

“P’wed... p’wede bang magpa-autograph?” he stammered.

Medyo naguluhan siya, pero kaagad na ngumiti nang tila lumungkot ang mukha ng bata, parang napahiya. Baka fan niya ito.

Kinuha ni Jemina ang ballpen na ibinigay ng bata sa kanya. Dapat ay ‘*Stay cool*’ ang ilalagay niya

Fowl Play - Mae Isidro

sa likod ng picture—na karaniwang message niya sa mga fans—pero iba ang isinulat niya.

She wrote, *‘Thank you, my shining knight.’*

Yes, bagay sa batang lalaki na tawaging knight niya.

1

Sorry, but no knight in shining armor for her... just 'her.'

Bumuntong-hininga si Jemina habang tinititigan ang sarili sa salamin. Ayaw niyang manghinayang. Wala na siyang magagawa.

Si Ivanna, ang kaibigan niyang bading, ang siyang napaiyak. “Crew cut na ’to sa iksi. Okay lang ba ang bangs at ang black dye?” Humihikbi-hikbi pa ito.

Jemina rolled her eyes. *Buhok lang naman ang naputol sa akin!*

Tumayo siya mula sa stool na kinauupuan. Ini-stretch niya ang mga binti at naglakad-lakad sa maliit na apartment ni Ivanna.

“Paano ba ’yan? Na-breach mo na ang kontrata mo sa *Silkee Naturale*? They’d probably sue you. At sobrang pangit mo na. Wala nang producer o direktor ang magbibigay sa ’yo ng project!”

Siya ang leading model ng *Silkee Naturale*, isang brand ng shampoo.

“So, what? I have bigger plans,” she told Ivanna.

Kinuha niya rito ang eyeglasses niya matapos maingat na alisin ang mga suot na contacts at ilagay ang mga iyon sa case.

Napangiwi si Ivanna nang isuot niya ang eyeglasses. Sobrang kapal kasi ng salamin. *Sino ba ang mag-aakala na sobrang labo ng paningin ng sikat na model/actress na si Anna Jemina Beltran?*

“Hindi ka na makikilala ng publiko, Jem. Sure ka na ba talaga?”

Seryoso siyang tumango. Hindi na kasi niya kaya ang maging sunud-sunuran sa stepfather na si Dionisio Madrigal. Sobra na ito. Kung dati-rati ay verbal abuse lamang ang natatanggap ng Mommy Carmen niya mula rito, nitong huli ay sinampal na nito ang kanyang ina.

Hindi na nakapagpigil si Jemina. She gave him a warning na iiwan na nila ito. He was furious. Si Jemina lang kasi ang nakakapagsalita sa stepdad. Ang tanging pagkakamali niya, naibulgar niya kaagad ang plano sa Tito Dionisio niya.

Tinawanan lamang siya nito. Nang sumunod na araw ay hindi na niya nagamit ang ATM card niya. Nadiskubre niyang naka-hold ang pera niya sa bangko nang sadyain niya.

Kagagawan iyon ng stepfather niya. Isa kasi ito sa mga may-ari ng bangko. At sobrang engot niya na inilagak niya lahat ng pera niya sa bangko nito.

“So, hanggang kailan daw iho-hold ang pera mo?” Si Ivanna. Nandidiring sinulyapan siya nito mula ulo hanggang paa.

Jemina was wearing an old pair of jeans, a simple T-shirt and over it, a checkered long sleeve. She was about 5’6”. Nagmistula siyang matangkad na binatilyo.

“Hangga’t hindi ako nag-a-apologize sa sadistang iyon. And I won’t do that—ever!” Nginitian niya ang kaibigan. “I am going to Virginia to be a stage actress. Matagal ko nang pangarap ’yun. Matutulungan ako ng Auntie ko roon. May kakilala siya sa *Barter Theater*.”

Ang *Barter Theater* ang tinaguriang state theater ng Virginia. Doon nagsimula ang mga *Hollywood* actors na sina Frances Fisher at Kevin Spacey.

Jemina started as a T.V. personality pero lifelong dream niya ay ang maging isang stage actress.

Naging hopeful si Ivanna nang marinig ang tungkol sa mga relatives ni Jemina sa Virginia. “Sana padalhan ka na rin nila ng pera.”

“That won’t happen dahil ayaw nilang makialam sa stepdad ko. I mean, they can help me in Abingdon. But to get there, I must do it on my own.”

“Eh, sina sisters?” Sina Ate Adriana at Ate Olga ang tinuran ni Ivanna. “Baka naman p’wede ka nilang pahiramin ng pera.”

Umiling si Jemina. Bukod sa mga takot din sa Tito Dionisio niya, may sari-sariling problema ang mga elder sisters niya. Si Adrianna na unang naging artista sa pamilya ang panganay sa kanila. Isang congressman ang napangasawa nito pero sobrang babaero. Si Olga naman na sinundan niya ay maraming scandal na kinakaharap sa showbiz. Isa kasi itong sexy star na bata ng isang matandang producer. Ayaw na niyang masali sa problema niya ang mga kapatid.

Nag-rubber shoes na si Jemina. “Tutuloy ako sa probinsya ng dati kong yaya. I think I can find work there. Makapag-ipon man lang ako ng kahit pang-plane ticket lang... and some pocket money. Ayaw ko rin namang maging pabigat sa mga kamag-anak ko.”

“I wish I could lend you money, Jem. But I am really broke right now.” Bumuntong-hininga si Ivanna.

“Alam ko. Pinadekwat mo kasi sa *fafa* mong sugarol. Pinagalaw mo rin ang mga naipon mo for seven years. Pang-college dapat ’yun ng kapatid mong nasa province, di ba?”

“Thanks for reminding me, Jem,” mapakla nitong sabi. “Promise, hindi ko na babalikan si Topher! I am fed up with him... and other boys.”

“Ayaw ko na rin munang makipag-relasyon.”

Maharot na ngumiti sa kanya si Ivanna. Iniwasan ni Jemina ang magiging tanong sana nito tungkol sa ex-boyfriend niya. “Bess, I need you to accompany me. P’wede ba?”

“To where? At bakit?!” Nakalimutan na nga ni Ivanna ang tungkol sa ex niya.

“Because I don’t want to be alone,” madramang saad ni Jemina. It was the truth. Matapang siya pero masyadong bago ang mundong susubukan niyang galawan. Kailangan niya ng suporta ng isang tunay na kaibigan. And Ivanna was all she got.

“And’un naman si Yaya Lolita—”

“Kahit sandali lang. Para rin di gaanong mag-alala si Yaya.”

Napaka-solemn ni Jemina, na-touch na sa kanya

si Ivanna. “Sige na nga. Pero for a while lang talaga, ha?”

“Kailangan mo ring mag-disguise katulad ko, Bess. Okay lang ba?”

Nag-lit up ang mga mata nito. “So, ako naman ang magiging girl?”

Pinag-aralan ni Jemina ang kaibigan—ang malalaki nitong braso pataas sa yellow-gold nitong buhok. Approve sa kanya ang pananamit nito, baby blue polo shirt and a pair of white trousers. May makeup ito— foundation, eyeliner, manipis na blush-on at lipstick na pink.

Umiling si Jemina.

“Then, gagawin mo akong lalake?!”

“Sorry, Bess, pero kilala rin ang mukha mo sa public. Pag nakilala ka nila, busted na ang cover ko. Kailangan din nating i-dye ang buhok mo—”

“I hate you, Jemina!” Pinagdabugan siya ng kaibigan, pero pumasok ito sa kuwarto nito para mag-empake. Sobrang mahal siya ni Ivanna para tanggihan siya.

“You can do it, hijo.” Si Lolo Jaime, pinalalakas ang loob niya.

Pikon na bumuga ng hangin si Gabriel Zoila. Matagal siyang nagtrabaho sa New York as a computer programmer sa *DavaWare, LLC*. He was a mobile app developer and one of the best in the company. Pero pinapag-resign siya ng grandparents niya. They wanted him to manage his father’s poultry business.

Hell! Ano ang alam niya sa pagnenegosyo?

“Can’t we ask some other relatives to manage it?”

“The last relative we trusted sabotaged your father’s business.” Si Lola Irene ang sumagot sa kanya. “Hindi lang sa pinabayaan niya ang pera ng papa mo, sinira pa niya kayo sa mga loyal clients n’yo.”

“Kung isara na lang po kaya natin ang poultry business?” Both his grandparents looked at him incredulously.

Totoong mahalaga sa nasira niyang ama ang negosyo, para basta na lamang pumayag ang matatanda sa suggestion niya. Bukod doon, marami silang trabahador na mawawalan ng trabaho.

“How about we let Melanie manage it? Kung

talagang ayaw mo...” suhestiyon ng Lolo Jaime niya. “She is always a busy woman, but I believe na may malasakit siya sa farm at sa mga tao n’yo.”

Despite his mother’s betrayal, napatawad na ito ng lolo at lola niya. Ang sabi nila, matagal nang nangyari iyon at kailangan na nilang mag-move on. Lolo Jaime wanted him to do the same but Gabriel couldn’t forgive... or forget. Masyadong masakit ang ginawa ng ina sa kanila.

“Okay, I’ll do it,” ani Gabriel.

“You have our full support, hijo.” Si Lola Irene. “Nariyan din ang mag-asawang Marissa at Nestor. Matutulungan ka nila.”

“Babalik na po ako sa farm,” paalam ni Gabriel. Hindi na niya hinintay na sumagot pa ang matatanda. Sobrang init ng ulo niya. Lumabas na siya ng bahay para sa pickup truck niya.

Gabriel was aware that his grandparents were only being helpful, but he really hated going to the farm. He hated returning home.

After college, nag-decide siyang mag-abroad para makalayo sa lugar na puno ng masasakit na alaala. Now he would have to grin and bear it. Dahil hindi niya gustong muling tumapak sa farm na ito ang

kanyang ina.

“Bullshit!” mura ni Gabriel. Sadyang minamalas yata siya. Ayaw mag-start ng pickup.

Kahapon pa tinotopak ang sasakyan. May kalumaan na rin kasi. Bata pa siya ay ito na ang ginagamit na service ng farm. May ilang beses tumirik ang sasakyan kahapon. Sinuwerte lang siya na nakarating sa bahay ng lolo at lola niya rito sa Alabang bago natuluyan ang pickup.

Kailangan na talaga niyang ipa-check sa mekaniko ang sasakyan. Kay Mang Berting na driver ng Lolo Jaime niya ito ibinilin. Nag-iwan na lang siya ng pera sa lalaki.

“Ipasabi n’yo na lang po kay Lolo kapag okay na. Ipapakuha ko na lang po ang pickup sa anak ni Mang Nestor.”

“Eh, di magko-commute ka ngayon pabalik sa Laguna?”

“Ganoon na nga ho!” Sa kabila ng inis, nakuha naman ni Gabriel na ngumiti. Masyadong mabait si Mang Berting para sungitan niya.

Inihatid siya ng driver ng lolo niya hanggang sa terminal ng bus. Punuan na, mabuti na lang at

nakaupo pa si Gabriel. Saktong paalis na ang bus nang humabol ang isang payat na lalaking nakasalamin. Sinundan ito ng isa pang medyo maliit at matabang lalaki. Hangos ang dalawa, parehong tila hirap na hirap sa mga dala.

Halatang gustong maupo ng mga ito nang magkatabi. Para sa dalawang lalaki ay kakatwang naghawak-kamay pa ang mga ito. Wala nang puwesto na puwedeng magkatabi ang dalawa dahil punuan na nga.

Napilitang naupo sa pinakadulo ang matabang lalaki habang tumabi ang matangkad sa kanya. Sa biglang pag-arangkada ng bus ay sandaling napasiksik ang katabi sa kanya.

“Sorry,” sabi nito sa mahinang tinig.

Naguluhan si Gabriel. Nadama niya ang malambot nitong katawan. Nasamyong rin niya ang perfume nito. Definitely, hindi lalaki ang tumabi sa kanya.

2

The guy was eyeing her with an amused expression on his face. Gustong irapan ito ni Jemina pero iniinas na lamang niya ang tingin. *Was it something that I said?*

Oh. My voice! naisaloob ni Jemina. She may have dressed the part and looked like a man. Pero kailangan pala niyang i-practice ang mas astig na boses. Nang mag-sorry siya sa katabi, boses ng isang confident na babae iyon.

She cleared her throat. “Sorry,” Jemina repeated in a deeper voice.

Isang ngiting-aso ang natanggap niya mula sa katabi. “What are you really?”

Napamaang na si Jemina. Sobrang prangka nito. Kahit matangkad siya at kaya niyang umarteng lalaki, hindi pa rin siya papasa sa tunay na mundo dahil sa soft features niya. Not to mention, hindi rin niya puwedeng itago ang mga umbok ng mayaman niyang dibdib. Nagkasundo sila ni Ivanna na mag-arteng tomboy na lamang siya.

Isang tomboy na mukhang nerd! Ugh!

Sinulyapan niya si Ivanna na nasa gawing likuran ng bus. Gusto niyang humingi ng tulong dito. Hindi naman siya pansin ng kaibigan. Mukhang okupado ito sa guwapong lalaking katabi nito. *Baklita talaga!*

“May problema ba, pare?” angil na ni Jemina nang mapadako ang tingin ng katabi sa mga braso niya. Inililis niya pababa ang manggas ng kanyang long sleeves, itinatago ang makinis at malaporselana niyang kutis.

Napatingin kay Jemina ang ilang kalapit na pasahero sa pagtataas boses niya. Pinamulahan siya ng mukha.

Heto siya at itinatago ang identity pero siya pa yata ang magbubuko sa sarili. Hindi kasi niya napigilan. Parang hinuhubaran kasi siya ng estranghero sa pagkakatingin nito.

“Sorry,” paumanhin nito, parang walang sincerity. “I’m just confused. You’re trying to look and sound like a man while wearing a really sweet perfume.”

Ay, epic fail! muling naisaloob ni Jemina. And she thought she had planned everything perfectly!

“That’s my girlfriend’s perfume,” singhal niya. “Dumikit lang ang amoy sa akin dahil niyakap ko siya kanina.” Nakagat niya ang labi sa kasinungalingang

iyon. Then she remembered, she should speak in Tagalog kung ayaw niyang makatawag-pansin. Hindi na siya ang socialite na si Jemina, right?

Nang-aalaskang nilingon ng lalaki si Ivanna. “Oh, *girlfriend*, huh?”

“No, hindi siya ang girlfriend ko.” Hindi na naitago ni Jemina ang pagkapikon. “Are you really that dumb?” Gusto niyang sipain ang sarili. Nag-English na naman siya at naghamon pa talaga ng away. What’s wrong with her?

“Sorry,” mabilis niyang paumanhin.

Sa puntong iyon, nag-ring ang cellphone na nasa bulsa ng kanyang jeans. Dalawa ang cellphone ni Jemina. Itinago niya ang mamahaling phone, at lumang modelo ang napagpasyahan niyang gamitin habang nagpapanggap. Hinayaan niya lang na tumunog ang cellphone. Alam niya na ang mommy niya ang tumatawag.

Kagabi pa kasi siya hindi umuuwi sa mansion ng stepdad. Nakadama ng guilt si Jemina dahil pinag-aalala niya ito. Pero kung gusto niyang alisin din sa poder ng ama-amahan ang ina, kailangan muna niya itong tiisin.

“Sorry din, Miss.” Ikinabigla niya ang paumanhin

ng estranghero. “It’s really none of my business.”

Sa likod ng makapal niyang eyeglasses ay muling tinunghayan ni Jemina ang katabi. Wala na ang nakakainis na ngiti nito. In its place was a genuine boyish smile.

At parang pamilyar sa kanya ang ngiti nito, partikular na ang malalim na dimple ng lalaki sa kaliwang pisngi. Seventeen years siya sa show business, kung sino-sino ang nakasalamuha niya.

Pero saan ko kaya siya nakita?

She noticed that he was actually good-looking. Ordinaryong T-shirt at jeans ang suot nito, crew-cut ang gupit. He was finely built, matipuno, parang nagji-gym, moreno ang balat, at nasa 5’9” ang taas. May maamong mga mata, matangos na ilong at maninipis na mga labi.

Jemina felt the sincerity of his apology that second time. Nagtugma ang maamo nitong mukha sa mapagkumbabang tono nito. Tumango siya bilang tugon. She wanted to ask his name. Pero ibinaling na lamang niya ang tingin sa ibang direksyon. Hindi na sila nagkibuan pa ng estranghero sa loob ng tatlong oras na pagbibiyahé.

Inaasahan ni Yaya Lolita ang pagdating nila. Nai-text na niya ang matanda bago sila sumakay ni Ivanna ng bus. Lamang ay napaaga ang dating ng sasakyan at wala silang nakitang sundero sa istasyon ng San Roque. Pasado ala una na ng hapon noon, naisipan nilang kumain sa isang karinderyang malapit sa istasyon. Doon na rin sila sinundero ni Yaya Lolita.

“Yaya, I missed you,” ani Jemina.

Inalagaan siya nito since birth. Thirteen si Jemina nang umalis ito dahil nagkasakit ang asawa. Nang pumanaw ang kabiyak ay nagdesiyon si Yaya Lolita na manatili na lamang sa probinsya para gampanan ang pagiging ama at ina sa mga sariling anak.

Lingid sa mga kapatid, kay Mommy Carmen at sa Tito Dionisio niya ay nagpatuloy ang komunikasyon nila ng matanda. Hindi sikreto rito ang dinanas nilang problema sa stepfather.

“Kumusta ka na, Jem-Jem?” Mangiyak-ngiyak na niyakap siya nito, halata ang pagkabahala sa pagbabagong hitsura niya. “Muntikan na kitang hindi makilala. D’un na tayo sa jeep mag-usap.”

Nasa seisenta na ang edad ni Yaya Lolita. Kasama nito ang dalawang anak, si Gemma na bunso at si Gerard na panganay. Kamukha nito si Gemma na

bilugan at may maaliwalas na mukha. Eighteen lamang ang dalaga, second year nursing student ito sa state university sa Laguna. Bagong graduate naman si Gerard sa kursong Marine. Pansamantala ay pumapasada muna ito habang naghihintay ng tawag sa trabaho.

May hitsura si Gerard. Kinindatan ito ni Ivanna. Takang napasulyap ang binata kay Jemina na kinurot si Ivanna.

“Bata ’yan,” pagtataray ni Jemina. “Besides, mahal mo pa rin si Topher. Isang tawag lang n’un, magkakandarapa ka na para tanggapin siya.”

“Hindi na,” madamdaming tanggi ni Ivanna. “Promise talaga.”

Pumuwesto sa harapan ng jeep ang magkapatid na Gemma at Gerard. Sa likod naupo sina Jemina, Ivanna at Yaya Lolita.

Binati ni Jemina ang mga anak ng matanda. “Kumusta?”

Nahihiyang tumango lamang sa rear view mirror si Gerard.

Si Gemma ay tumingin kay Jemina. “Ate, salamat po sa cellphone na papasko mo n’ung huli. Salamat

din po sa ipinahiram mong pang-tuition ko last sem.”

“No problem, Gemma. Natutuwa din ako na nagugustuhan mo ang maliliit na regalo ko.”

“Marami pong salamat, Ate Jem,” sali ni Gerard. Sinulyapan nito si Ivanna. “Siya ba si Ceron, Ate?”

Napanganga si Ivanna kay Gerard. Sunod ay tumawa ito nang malakas, sarcastic at halos maiyak. Binagalan ni Gerard ang pagpapatakbo ng jeep. Parang nag-alala ito sa mga pasahero sa likod.

“Masyado ka, Bess,” ani Jemina. “Kinulayan lang naman natin ng itim ang blonde mong buhok ’tapos nagkaganyan ka na?”

“Ginawa mo akong lalaki. I hate you!”

“Ikaw pala ’yan, Ivanna?” nakangiting sabi ni Yaya Lolita. Kilala nito ang best friend sa mga kwento niya. “Sobrang bait mo raw sa alaga ko. Ikaw lang daw ang nag-iisa niyang kaibigan.”

Tinalaban si Ivanna sa sinabi ni Yaya Lolita. Nagagalak na inabot nito ang kamay ng babae. “Pleased to meet you po,” magiliw nitong sabi. Nakalimutan na nito ang sama ng loob.

“Ano na ang plano mo, anak?” usisa ni Yaya Lolita sa kanya. “Ang sabi mo kailangan mo ng trabaho para

makaipon?”

“I need around 40k, Yaya. Pang-plane ticket at panggastos abroad.”

“Wala bang p’wedeng magpahiram sa ’yo, Jem-Jem? Ang mga kapatid mo o kamag-anak?”

“Kapag humingi po ako ng tulong sa ibang kakilala ko, siguradong laman na ako ng balita kinabukasan,” tugon ni Jemina. “Hindi po ako pahihiramin ng mga relatives ko kasi po takot sila kay Tito Dionisio. I have about two million in my bank account, ang kaso pina-hold po ni Tito.

“Ang pera ko po sa bulsa ay hindi sapat, nasa sampung libo kasama ng nakuha ko sa pagsasangla ng mga alahas ko. Iyong kwintas ni Daddy Oscar, ipinatago ko kay Mommy. At hindi na ako puwedeng bumalik ng mansion.”

“Puwede kitang tulungan kung pababayaan mo akong lumapit sa Bumbay. Ako ang mangungutang para sa ’yo.”

Umiling si Jemina. “Hindi ko po alam, Yaya, kung kailan ko maibabalik ang pera. Ayaw kong magkaproblema kayo. Kailangan ko lang po talaga ng trabaho. Hindi po ako puwedeng mag-apply bilang si Anna Jemina Beltran. Can you help me, Yaya?”

“May aalis na dalawang tao sa poultry farm na malapit sa amin, Ate,” ani Gerard. “Magaan lang ang trabaho. At hindi mo kailangang magpakita ng mga credentials. Reto lamang ay okay na.”

“Magkano ang sweldo?” Interesado kaagad si Jemina.

“Three thousand a month ’ata, Ate. Pero, pakain at pa-board. Wala ka nang ibang gagastusin d’un.”

Nag-calculate si Jemina. Mahigit isang taon niyang bubunuin ang 40k... kung siya lang ang magtatrabaho. Napasulyap siya kay Ivanna. Napailing ito. Alam na ang kanyang binabalak. Umiling din si Yaya Lolita. Batid niyang hindi iyon ang trabahong babagay sa kanya.

“No, Jemina,” maarteng sabi ni Ivanna. “Sabi mo pati, *for a while* lang ako rito!”

“Six months lang naman,” giit niya. “Please? Madali lang ’yun.”

Solved na ang problema ni Jemina. Nakangiting tinunghayan niya ang magagandang tanawing nadaraan. Malawak na parang, taniman ng palay, at mga nagtataasang puno sa malayo.

Sumamyo siya ng sariwang hangin, iniignora pa

rin ang nakasimangot na mukha ni Ivana. “Magmula sa araw na ito, ako na si Nina.”

Umaga pa lamang ay masakit na ang ulo ni Gabriel. Wala pa namang problema. Pero parang hindi pa rin siya handang harapin ang pagpapatakbo sa farm. Isang linggo na siya sa Pilipinas pero ngayon pa lamang siya sisilip sa poultry.

Dalawang ektarya ang kabuuan ng *Zoila Poultry Farm*, kasama na ang bahay nina Gabriel na malapit sa kalsada. Mula sa malaking bahay nila, isang kilometro pa ang layo ng farm. Bukod sa pickup ay may service silang jeep para sa staff. Nasa talyer pa ang pickup ni Gabriel kaya isang motorsiklo na service din ng farm ang ginamit niya.

Dalawa ang kanilang poultry house. Parehong tunnel ventilated ang design, 400 feet ang haba at 50 feet ang lapad. Dalawampung libong manok ang kasya sa bawat poultry house. Subalit dahil kakaunting broilers na lamang ang inaalagaan ng farm, iisang poultry house ang kanilang ginagamit. Hinati pa ang gusali sa dalawang division—ang sa layers o sa mga nangigitlog at sa mga broilers nga. Pinakamahaba at pinakamalaki ang pen para sa broilers. May dibisyon pa rin ang mga enclosure ng

mga manok, depende sa edad. 45 days ang kalimitang edad ng mga kataying broilers.

“Magandang umaga po,” bati ni Gabriel kay Aling Marissa. Naratnan niya itong nagluluto ng almusal.

Sa staff house muna tumuloy si Gabriel. Nasa pagitan ito ng dalawang poultry house. Sa pinakabungad ng staff house ay ang mess hall para sa mga empleyado. Dito isine-serve ang agahan, pananghalian at in-between snacks. Sumunod sa mess hall ay ang opisina. Adjacent dito ang quarters para sa staff. Sa pinakadulo, makalampas ang washroom ay ang slaughter area at packaging room na may sariling pinto palabas. Nasa gawing likuran din ang incubation room na pansamantalang hindi ginagamit.

Kinamulatan na ni Gabriel ang farm. Hindi pa siya ipinapanganak sa mundo ay operational na ito. Pero kung noon ay hanggang 40 thousand ang kayang alagaang manok, sa kasalukuyan ay mahigit dalawang libo na lamang ang laman ng poultry. Bumibili na lamang uli sila ng sisiw kapag may pampaikot na. Nalugi kasi ang farm dahil sa mismanagement ng pinagkatiwalaang kamag-anak.

Kada araw ay limampung tray ng itlog at isandaang broilers ang dinadala nila sa kanilang meat shop sa palengke. Naging matumal dahil dumami na

rin ang kakompetensya nila. Sinisiraan pa ng ilang kalaban na may sakit daw ang mga manok nila.

“Good morning po, Boss Gabriel,” ganting bati ni Aling Marissa. “Luto na po ang sopas. Gusto n’yo na po bang kumain?”

“Nag-almusal na po ako sa bahay, Aling Marissa.”

May dalawampung empleyado na lang ang farm. Ilang tao ang pamilyar kay Gabriel: ang mag-asawang sina Aling Marissa at Mang Nestor—mga pinakakatiwala ng Lolo Jaime niya sa farm at ang tatlong anak ng mga ito na namamahala sa purchasing at pagbebenta ng mga produkto. Ang matador at ang ibang staff ay mga bagong mukha na. All around ang mga ito, mga egg/chicken pickers, tagapagpatuka, taga-deliver, etc.

“Hindi pa po ba nabago ang sistema rito?” usisa ni Gabriel. Ikaanim pa lamang ng umaga ay busy na sa poultry ang mga tauhan. Habang may mga naglilinis na sa mga enclosure ng mga manok, may mga nagpapatuka na rin. May mga abala na sa itlугan.

“Dati pa rin,” ani Aling Marissa. “Nasa packaging room na sina Dolor at Carmen, naggagayak na ng mga itlog at manok na dadalhin sa bayan. Pagka-almusal

ay lalakad na sila sa meat shop para magbukas. Si Carding iyong anak ko, at ang asawa kong si Nestor ay pa-bayan din. Maghahatid sila sa ilang kliyente natin ng mga itlog at manok. At siyempre, kami na maiiwan, ang bahala sa mga alaga natin dito.”

At that point, nakarinig sila ng palahaw mula sa ginagamit na poultry house.

Tili ng babae. Sinundan iyon ng nagtatawang boses.

Seriously? naisaloob ni Gabriel. *May naglalaro ba sa oras ng trabaho?*

Pinamumutlaan si Aling Marissa nang kumilos na si Gabriel patungo sa poultry house. Kaagad na bumuntot ito. Ang babae kasi ang nagpasok sa mga bagong tauhan, sa request na rin ng isang mabait na kapit-bahay.

“Mga bago po natin sila, Boss. Pasensya na po.”

3

Pinaglalaruan siya ni Ivanna.

Jemina could only scream while her best friend laughed at her. Hindi niya inasahan ang magiging trabaho nila. Ang akala niya ay magpapatuka lamang sila ng mga manok o magha-harvest ng mga itlog.

Nakausap nila nang nagdaang gabi ang kapitbahay ni Yaya Lolita na si Aling Marissa. Nag-aalangan man ay inirekomenda sila ni Yaya Lolita sa katiwala sa *Zoila Poultry Farm*. Walang pag-aatubiling kinuha sila kaagad ni Aling Marissa dahil kulang daw sa tao.

Five thirty pa lamang ng umaga ay in-orient sila ni Mang Nestor, asawa ni Aling Marissa, tungkol sa sistema sa farm. Ipinakilala sila ng matandang lalaki sa ibang trabahador doon.

‘Assistant’ daw ang kategorya nila ni Ivanna at kasama sila sa rotation. Puwede sila sa farm at puwede rin silang isama sa bayan. Madali lang sana ang gagawin. Ang kaso, kasama sa trabaho ang manghuli ng broilers para katayin.

Pipili sila ng limampung broilers para kay Mang Celso, ang matador. Na-realize ni Jemina na mahirap

pala ang manghuli ng broilers. Bukod sa mabilis tumakbo ang mga manok, nanunuka at nangangalmot din ang mga ito.

She was terrified. Si Ivanna na lumaki sa probinsya ay hindi rin nakaranas na manghuli ng mga manok. He found it fun, though. Lalo na ang makitang nagsisisigaw sa takot ang kaibigan.

“Quit laughing!” saway ni Jemina. “I-try mo uling manghuli. Hawakan daw natin sa may pakpak para hindi makapalag. Iwasan daw ang mga paa pero mahirap.” Ipinakita ni Jemina ang isang kamay sa kaibigan. “Ayan, nakalmot na nga ako.”

“This is your idea, deal with it.”

“Come on, Bess, mas matapang-tapang ka sa akin,” pambobola ni Jemina. “Ikaw na muna ang mandakma—”

Kinindatan siya ni Ivanna. “Kung ‘ano’ ’yan ng lalaki, I won’t hesitate.”

“Bastos!” Hindi siya natawa sa joke ng kaibigan. Nakagat niya ang labi sa pagseseryoso. “Please, Ivan... I mean, Ivanna.”

“Ayoko nga, hindi ako kikilos hangga’t hindi ka nakakaisa.” Pinamayawangan siya nito. “And don’t

call me 'Ivan' kapag tayo lang. Kadiri ang pangalang 'yan.'"

Walang nagawa si Jemina kundi ang bumalik sa pen ng mga broilers. Nasa bungad lamang sila ng poultry house, sa enclosure ng mga 45 days old na katayin. Sa labas ay ang staff house. Siguradong may mga nag-aalmusal na roon at rinig na rinig sila. Pero walang pakialam si Jemina. Ang konsentrasyon niya ay nasa mga manok.

Gutom na siya, sa totoo lang. Wala pa silang almusal ni Ivanna. Ang sabi ni Mang Celso, ASAP na raw ang limampung manok. May pupuntahan daw ito kaya half-day lang ang lalaki sa farm at kailangan muna nilang gawin ang trabaho bago kumain.

Lakas-loob na muling tumambang si Jemina sa isang unsuspecting broiler. Maingat na nadampot niya ito sa katawan. Pero dahil sa hindi niya naipit ang mga pakpak nito, walang kontrol na nag-flap ang mga pakpak nito. Nagpumiglas ang broiler at umalmang tutukain siya.

Muli, napatili si Jemina habang tumatawa uli si Ivanna. Napatakbo uli siya palabas ng pen. Hindi niya napansin ang taong bumungad sa daraanan niya. Nabangga si Jemina rito at pareho silang nabuwal.

“What the hell are you doing?”

Napatda si Gabriel nang mamukhaan ang babae. Nakilala rin siya nito habang nakadagan ito sa kanya. They both stared at each other. Parang naparalisa na hindi ito makaalis sa ibabaw niya. He could feel the beat of her heart and the softness of her body. This time, hindi na ito amoy pabango. Pero natural na mabango pa rin ito. Maybe it was her natural scent. Pero panlalaki pa rin ang gayak nito. *Tomboy nga pala!*

Si Gabriel na ang nagtayo sa babae. She was a tall girl. She also seemed so delicate... Talagang taliwas sa inaakto nito.

“What are you doing here?” Hindi na napigilan ni Gabriel ang mainis.

Suot pa rin nito ang checkered long sleeves sa ibabaw ng T-shirt. Naka-jeans ito at naka-tsinelas. During their first encounter, humingi pa siya ng tawad dito sa pag-uusisa niya. Lalo pa nang napansin niyang lumungkot ang mukha nito habang pinababayaan lang na tumunog ang cellphone nito, hindi iyon sinasagot.

Sa tingin ni Gabriel, may pinagtataguan

ito. Pero kung boyfriend man iyon, kamag-anak, pinagkakautangan o pulis ay ayaw na niyang pakialaman. He had problems of his own.

“Nagtratabaho,” masungit na tugon nito. “Tauhan ka rin ba rito?”

Si Aling Marissa ang sumagot. “Pasensya na po, Boss Gabriel.”

Ipinakilala siya nito sa mga pamilyar na mukha. “Nina, Ivan, siya si Boss. Siya ang may-ari ng farm.”

Habang napataas-kilay ang matabang lalaki na Ivan ang pangalan, napamaang naman ang babae. Nina pala ang pangalan nito. Ngumisi siya sa babae. Halatang pinigilan nito ang sarili na magsalita. Still there was her feisty aura. Gabriel had to admire her for that.

“Magkaibigan po silang dalawa, sir,” paliwanag ni Aling Marissa. “Si Nina po ay anak ng kaibigan ng kapit-bahay namin. Taga-Maynila po sila. Pero asahan n’yo po na mapagkakatiwalaan sila. Mabuting tao po ang nagrekomenda sa kanila.”

“At ano raw ang dating trabaho nila sa Maynila?” Hindi direkta sa mga bagong empleyado ang tanong. Pero nahuli ni Gabriel na nag-panic ang dalawa. Nagpalitan ang mga ito ng tingin.

“Hairdresser po ako,” natarantang tugon ng lalaking mataba.

Puwede, sa loob-loob ni Gabriel. Nahalata na niya ang kilos nito sa bus pa lang.

“At ikaw, Miss?”

“Yaya po ang nanay ko. Yaya rin po ako...” Nakita ni Gabriel ang pagkagat-labi nito.

Ganoon din ang ginawi ng babae kahapon nang sabihin sa kanyang may girlfriend ito. *She’s a very bad liar*. Mukhang hindi talaga nito gawain ang magsinungaling.

“Katulong ka pala...” Muntik nang mapaigtad si ‘Nina’ nang bigla niyang gagapin ang isa nitong palad.

No, wala siyang balak ng tsansingan ang babae. He just wanted to prove a point. At tama siya, kamay ng isang señorita ang nahawakan niya. Ang hindi inasahan ni Gabriel ay ang kakaibang sensasyon na dumaloy sa kanya nang magdikit ang mga palad nila.

It was a nice feeling. Sandaling napatitig siya rito.

Gusto sana niyang ipahiya si Nina pero binitawan na lamang niya ang kamay nito. Mabilis na iniwas niya rito ang tingin at bumaling kay Aling Marissa.

“Hindi magkakaige ang dalawang ’yan dito.” Itinago ni Gabriel ang nararamdaman sa likod ng supladong tono. “Baka masabotahe lang nila ang negosyo. Samahan n’yo na munang kumain, Aling Marissa at mga mukhang nanlalata pa. Pagka-almusal ay sa layers na lang po muna sila itoka. Tatawag na lang ako ng manghuhuli rito.”

Sungit! Gustong sigawan ni Jemina si Gabriel. At hinawakan pa nito ang kamay niya? Alam niyang diskumpyado ito sa kanya. He seemed to be a very astute man. Busted na rito ang pagpapanggap niya noong una pa man. Kailangan niyang maging *extra* careful pagdating dito. At least, hindi siya nito nakilala. O baka hindi lang talaga niya ito fan.

Ang nakapagtataka, kahit naiinis si Jemina nang sobra kay Gabriel, nagustuhan niya ang hawak nito. Parang nag-spark ang paligid nang titigan siya nito. Then, he suddenly let her go as if napaso. *Nandiri?*

“Hoy, Bess. Kainin mo na ’yang sopas mo bago pa lumamig.”

“Masaya ka na dahil nakapagladlad ka kaagad?” Si Ivanna ang pinagbuhusan niya ng init ng ulo. Kaagad kasi itong nag-reveal. Kulang na lang ay

ipilit nitong 'Ivanna' ang itawag dito, ang sikat na hairdresser na best friend din ng nawawalang si Anna Jemina Beltran.

“Sorry, nag-panic nga ang tao.” Kinilig si Ivanna nang muling masilayan sa opisina nito si Gabriel. Obvious na hindi ito apektado sa bad mood niya. “Ang guwapo ni Boss. Sayang, parang may girlfriend na siya.”

Ang naging basehan ni Ivanna ay ang chocolate cake na ipina-deliver daw ng isang 'Sally' sa farm. Ang madilim na mukha ni Gabriel ay kaagad na umaliwalas nang dalhin ni Aling Marissa ang cake sa opisina nito.

“Sobrang malas naman n’ung Sally na ’yun,” naisagot ni Jemina. “Or, baka kasing-sungit din niya kaya bagay sila.” At gutom na nilantakan na niya ang sopas na nakahain.

Sa staff house na sila natulog ni Ivanna nang gabing iyon. May dalawang kuwarto roon, hiwalay ang quarters ng babae at lalaki. Bagaman dalawampu silang empleyado sa *Zoila Poultry Farm*, pipito lamang silang stay-in sa staff house. Karamihan kasi sa mga empleyado, kabilang ang mga anak nina Mang Nestor

at Aling Marissa ay mga pamilyado na. Sadyang may inuuwian ang mga itong sariling tahanan. Sina Mang Nestor at Aling Marissa ay kasama ni Gabriel sa malaking bahay. Si Mang Celso, ang matador, ay biyudo at mas gustong matulog sa bahay sa bayan.

“Kung sa kabilang kuwarto na lang kaya ako matulog?” Nagniningning ang mga mata ni Ivanna. Napatawa ang roommates nila.

Tatlong dalaga ang ka-share nina Jemina at Ivanna sa kuwarto. Katulad nila, all around din sa farm ang trabaho ng tatlo.

“Mang-a-aswang ka lang d’yan,” supalpal kaagad ni Jemina. Wala siya sa mood na makipagbiruan. Matapos ang buong araw na pagtatrabaho sa poultry house ay sumama ang pakiramdam niya. Pasalamat na lang siya at walang kaso sa mga kasama nila sa room na ka-share nila si Ivanna.

Kumpara sa unang iniatas na gawain, mas nag-enjoy si Jemina sa pamumulot ng itlog sa *layers section* ng poultry house o pangitlugan. Natuwa rin siya sa pagbabantay ng mga sisiw at pagpapatuka nang bandang pahapon. Subalit nang mag-gabi na ay sinimulan na siyang atakehin ng allergy niya. May rhinitis kasi si Jemina. Marahil, na-trigger iyon ng mga patuka at maalikabok na grounds ng poultry

house. Ang siste, wala siyang gamot na dala.

“No, I am a good girl na,” biro pa rin ni Ivanna. “Besides, dadalawa lang silang boys d’un. ”Tapos lima tayo rito.”

“Tumigil ka,” pagsusungit uli ni Jemina. Napahatsing na siya. Isang bimpo ang kinuha niya sa backpack niya at suminga roon.

“Yuck!” ani Ivanna. “Bess, are you okay? Kadiri ka naman.”

“Nanibago lang siguro ako dito sa farm.” Nahiga na si Jemina. Tatlo ang double-deck sa kuwarto nila. Sa isang double-deck sila nag-share ng kaibigan. Ang itaas na higaan ang pinili niya. Doon na rin ni Jemina ipinatong ang mga bag, sa gawing ulunan niya.

“Matulog ka na, Bess.” Ang makwelang tono ni Ivanna ay napalitan ng pag-aalala.

“May gamot ka ba?” ani Leslie na isa sa roommates nila. “May mga gamot sa office ni Boss, baka may magamit ka d’un.”

Umiling si Jemina. “Salamat. Pero kailangan ko lang siguro ng tulog. Bukas ay ayos na ako.”

Ngunit lalong lumala ang allergy ni Jemina kinabukasan. Naging kapansin-pansin din siya sa mga

sunud-sunod na pagbahing niya. Nagpapatuka siya ng mga sisiw sa poultry house nang ipatawag siya ng masungit na employer nila.

“Miss, ano naman ang problema?” iritadong untag ni Gabriel. “Hindi ka maasahan sa mga broilers kahapon. Ngayon naman ay magkakasipon ang mga sisiw nang dahil sa ’yo.”

Nakapuwesto si Gabriel sa isa sa dalawang silya sa harapan ng malaking mesa nito. Nanatili sa pintuan ng opisina si Jemina. Hindi naman kasi siya nitong niyayang maupo. “Pasensya na po, Boss. May allergy po talaga ako. Pero kung—” Napabahing na siya. Hinanap niya ang tissue na nasa bulsa. May kasama na iyong sipon. Tumalsik iyon sa sahig, sa paanan ni Gabriel.

Jemina was horrified and at the same time, very embarrassed. Sumimangot si Gabriel. He looked disgusted. Then tumawa ito. Lalong pinamulahan ng mukha si Jemina. Nakahagilap siya ng tissue sa isang bulsa ng jeans. Mabilis niyang pinunasan ang ilong bago dinampot ang tissue na nasa sahig saka itinapon ang mga gamit nang tissue sa basurahan sa opisina ng lalaki.

Tatawa-tawa pa rin si Gabriel nang sulyapan niya ito. Jemina found it infuriating. Sure nakakatawa

nga ang nangyari. Noong bata pa siya at nangyayari ang katulad na insidente, tinatawanan siya ng mga kapatid at ng ina. Okay lang sa kanya, kahit tawanan siya ng ibang tao. She'd probably hold her head up high and laugh with them. But it was a different story with Gabriel. Ayaw niyang mapahiya sa lalaki. Hindi dahil sa kaaway niya ito. Ayaw niyang bumaba ang tingin nito sa kanya. *For some reason, it really mattered to her.*

Hindi tipikal ang opisina ni Gabriel. May mga file cabinets ito at maraming libro na related sa poultry business. Pero mas mukha iyong tindahan ng agricultural supplies. Bukod sa mga sako ng mga patuka na nakasalansan sa isang sulok ng silid, may mga botelya rin ng vitamins at mga gamot para sa mga manok sa ibabaw ng mesa. Sa gawing likuran nito ay isang medicine cabinet.

“Bibigyan kita ng gamot, Miss, pero mas maganda kung magpapakonsulta ka.” Tumayo na si Gabriel at humarap sa medicine cabinet. May hinanap ito roon at mayamaya pa ay anim na pirasong naka-blister pack na tableta ang iniabot nito sa kanya.

“Antihistamine. Inumin mo three times ngayong araw. You will be drowsy all day... so, hahayaan kitang hindi muna magtrabaho ngayon. Magpapabili

ako mamaya kina Mang Nestor ng less sedating type para makakapagtrabaho ka na nang maayos sa mga susunod na araw.”

Kumbinsido na sana si Jemina na bumait na ang kanyang ‘Boss’ kung di lang medyo pauyam ang pagtawag nito ng ‘Miss’ sa kanya.

“Sir, Nina po ang pangalan ko.”

“Is it?” Gabriel’s smile turned sour. Talagang diskumpyado ito sa kanya. At ipinaalala pa niya. Namiss niya kaagad ang magandang pagguhit ng dimple nito sa pisngi kapag ngumingiti.

Unknowingly, Jemina bit her lower lip. Nagpasalamat na lamang siya sa mga gamot at lumabas na siya ng opisina nito.

Alam ni Gabriel na hindi iyon ang tunay niyang pangalan. Pipigain uli siya nito. She knew that time will come. *Sana ay maging handa siya!*

Kinagat na naman niya ang labi niya! Gabriel observed. Kung hindi siguro maganda ang mga labi nito, hindi niya iyon mapapansin. *Pero bakit pamilyar siya sa ‘kin?*

Napapaisip pa rin Gabriel nang makita si

Fowl Play - Mae Isidro

Carding sa labas. Kabababa lamang nito ng pickup na ipinakuha niya sa Alabang. May dalang diyaryo ang anak ni Mang Nestor. Iniwan nito iyon sa kanyang opisina. Sa nakabukas na pahina ng diyaryo ay namataan niya ang larawan ng isang magandang babae.

Biglang may naalaala si Gabriel.